



Pebrero 23, 2018

Mahal na mga Miyembro ng Komunidad ng SFUSD:

Nakikibahagi kami sa kolektibong pagdadalamhati at pag-aalala matapos ang kararaan pa lamang na pamamaril sa isang paaralan sa Florida (at sa iba pang walang saysay na trahedyang naganap bago ito). Nagtatanong ang mga magulang, estudyante at edukador kung ano ang puwede nating gawin para mapigilan na maulit ang ganitong pangyayari. Gusto ko kayong bigyan ng bagong impormasyon tungkol sa aming mga plano at sa paghahanda para sa kaligtasan dito sa SFUSD.

Pagtataguyod sa mga ligtas na paaralan

Mayroong mga pangkaligtasang hakbang ang mga paaralan upang matiyak ang kapakanan ng estudyante at kawani. Bagamat nagkakaiba-iba ang sistemang panseguridad ng bawat paaralan batay sa laki at lay-out o pagkakadiseno ng bawat kampus at iba pang katangian, posibleng kasama sa mga pangkaligtasang hakbang ang mga sumusunod: mga patakaran sa pagtse-tsek- in ng mga bisita; pagkakandado sa mga pintuan matapos ang pagsisimula ng araw ng pagpasok, kamera para sa pagsubaybay, resource officers (opisyal na mapagkukunan ng tulong at impormasyon) ng paaralan, at security aides (katulong sa seguridad).

Bukod rito, may pangunahing halaga sa pagkakaroon ng kaligtasan ang aktibong pagbuo ng matitibay na relasyon sa paaralan -- sa pagitan ng mga estudyante at kapwa estudyante, at sa pagitan ng mga estudyante at nakatatanda -- - at isang bagay ito na napakahusay na nagagawa ng ating mga paaralan. Humaharap ang ating kabataan sa maraming hamon, at kailangan nila ng maraming uri ng mapagkakatiwalaang nakatatanda upang magbigay ng suporta sa kanila. Iyan ang dahilan kung bakit mas maraming counselor (tagapayo) at social worker kada estudyante ang SFUSD. kung ihahambing sa anumang iba pang distritong pampaaralan sa estado. Naniniwala kami na bahagi ng ating responsibilidad ang pagpapayaman ng kalusugan ng isip at sosyo-emosyonal na kagalingan ng estudyante.

Hinihikayat din namin ang pagiging malay sa kapaligiran at mabilis na pag-uulat. May mga seryosong insidente na posibleng makapagbanta ng buhay ang napigilan na sa pamamagitan ng agad na pag-uulat ng kanilang pag-aalala ng kawani at estudyante. Patuloy naming bibigyang diin ang sumusunod: Kapag may nakita o narinig kayong bagay na posibleng magbunsod sa isang tao na mapinsala ang sarili o ibang tao, magsalita kayo.

Paghahanda para sa mga posibleng emergency

May komprehensibong plano sa panahon ng krisis ang distrito, sakaling magkaroon ng emergency sa kabuuan ng lungsod, at mahigpit na nakikipag-ugnay ang mga administrador ng distrito sa mga opisyal na tagapamahala sa emergency ng lungsod at kinatawan para sa pagpapatupad ng batas, at nang masubaybayan at mabigyan ng pinakabagong impormasyon ang paaralan ukol sa mga espesipikong plano taon-taon.

May mga pangkat para sa pagtugon sa emergency (emergency response team) ang lahat ng paaralan at hinihiling sa kanilang magpraktis ng mga dapat gawin para sa kaligtasan (safety protocol drills), nang hindi bababa sa tatlong beses kada taon. Nakikipagbalikatan ang mga paaralan sa Departamento ng Pulisya ng SF (SF Police Department, SPFD) upang magsagawa ng pagsasanay para sa Lockdown (mga dapat gawin sa panahon ng emergency, kung saan limitado ang pagpasok at paglabas ng mga tao sa lugar kung saan may seguridad), at patuloy kaming makikipagtrabaho sa SFUSD upang matiyak na isasagawa ang ganitong uri ng pagsasanay sa paraang naaangkop sa edad, at nakatutulong ang mga ito upang matiyak na alam ng ating mga estudyante ang gagawin sakaling magkaroon ng ganitong uri ng insidente.

Kapag nagkaroon nga ng emergency sa paaralan, aabisuhan namin ang mga magulang sa lalong madaling panahon, gamit ang iba't ibang paraan, kasama na ang pagte-text, pag-e- email, at pagtawag sa telepono. Para makatanggap ng mensahe, kailangang hawak ng paaralan ng inyong anak ang pinakabagong impormasyon para sa pagkontak sa inyo at kailangang pumayag kayong makatanggap ng mga mensahe sa text (ayon sa batas, hindi namin kayo puwedeng i-text nang mahigit sa isang beses nang walang permiso ninyo). Kapag nasa sistema ng impormasyon ukol sa mga mag-aaral (student information system) na ang numero ng inyong cellphone, makatatanggap kayo ng mensahe mula sa SchoolMessenger. Puwede na kayong sumagot ng "YES (OO)." Kung nakatanggap na kayo ng mensahe mula sa SchoolMessenger at hindi pa pumapayag sa sistema, hindi pa huli ang lahat. Para makatanggap ng mga pang-emergency na abiso sa pamamagitan ng text, mag-text ng "YES" sa 67587 mula sa inyong cellphone. Pakitandaan na puwede lamang kung ito kung naipasok na nang tama ang numero ng inyong cellphone sa sistema ng distrito.

May makukuhang iba pang impormasyon tungkol sa mga plano ng SFUSD para sa kaligtasan at sa panahon ng emergency rito: <http://www.sfusd.edu/en/safety-and-emergency-plan/overview.html>

Pagsuporta sa pamumuno ng mga estudyante at aksiyon ng komunidad

Naantig ang aking puso nang makita ang kabataan at iba pang tao sa kabuuan ng bansa na nagsasalita at naglulunsad ng protesta bilang tugon sa trahedyang Stoneham Douglas High School at sa kabiguan ng gobyerno na mapamahalaan ang pagkakaroon ng baril.

Ayon sa [Law Center to Prevent Gun Violence](#), nagbunga na ang mas istriktong batas sa baril ng mas kaunting insidente ng pagkamatay nang dahil baril per capita (kada yunit ng populasyon). Sa kabutihang palad, mataas ang ranggo ng California para sa kaligtasan mula sa baril. Gayon pa man, alam namin na hindi pa tayo lubusang ligtas mula sa mga banta, at bahagi tayo ng mas malaking lipunan na sa pangkalahatan, ay humaharap sa seryosong problema.

Mayroong dalawang magkaibang punto de bista kung paano maiiwasan ang mga pamamaryl sa paaralan sa hinaharap. Trabaho natin bilang mga edukador na lumikha ng espasyo kung saan puwedeng marinig ang lahat ng pananaw at kritikal na masuri ang mga ito. Bagamat kailangang manatili tayong walang kinikilingan, hindi rin naman tayo lubusang walang opinyon. Sa SFUSD, nagkakaisa tayo sa batayang paniniwala sa katarungang panlipunan, at sinusupportahan natin ang mga estudyante sa kanilang papel bilang tagapagtaguyod ng positibong pagbabago sa komunidad, anuman ang gawaing ito para sa kanila.

Posibleng mga pagkakataon para sa pagkatuto ang nakaraang mga pangyayari, at posible ring mga pagkakataon ang mga ito para sa positibong pagbabago. Nakatanggap na ang mga kawani ng mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon upang maproseso ang trahedyang ito sa mga estudyante at makapagturo ng mga makabuluhang leksiyon na nakabatay sa mga pamantayan.

Inaasahan namin na magkakaroon ng mga protesta, at posibleng malaman namin ang mga ito bago mangyari, at posible ring hindi namin malaman ang tungkol sa mga ito bago maganap. Kapag nagkaroon ng walkout (paglabas sa mga silid-aralan) o protesta ang mga estudyante, pinapayuhan ang mga kawani ng paaralan na pahintulutan ang mga estudyante na payapang magprotestaa. Kapag lumabas ang mga estudyante sa klasrum/paaralan (mag-walk out), kailangang markahan ng mga kawani ang estudyante na nahuli o lumiban nang walang pahintulot (unexcused tardy o absence). Magpapadala ang mga administrador ng paaralan at lokal na tagapagpatupad ng batas ng naaangkop na rekurso upang matiyak na ligtas ang ating mga estudyante at mayapang nakapagpoprotesta. Bukod rito, gagawin namin ang pinakamakakaya para bigyan ng impormasyon ang tagapatnubay ng mga estudyante sa lalong madaling panahon kung wala ang estudyante sa paaralan.

May mga nakatakda nang gawain ang SFUSD para panatilihin ligtas ang ating mga estudyante at may pananagutan kaming gumawa nang higit pa rito upang mapaghandaan ang iba't ibang uri ng krisis na posibleng mangyari. Bilang komunidad, patuloy tayong makipagtrabaho sa isa't isa upang maging alerta sa pagtiyak na ang ating mga eskuwelahan dito at sa kabuuan ng bansa, ay mga ligtas at mapagkalingang kapaligiran para sa pag-aaral.

Sumasainyo,



Dr. Vincent Matthews, Superintendente